

1

“Hindi ba puwedeng four-eighty na lang?”

“Ma’am Lydia naman.”

“Ano?” hirit pa ng matandang suki. “Tatlo naman ’tong kukunin ko, ah. Ibigay mo na sa ’kin ng four-eighty.”

Umiling si Nancy Suarez. “Five lang talaga. Huling tawad na ’yon,” tugon niya. “Cincuenta pesos na nga ang kaltas n’yan, ’Te. Five-twenty kung sa iba ko ibibigay.”

Mukha mang malapit nang makumbinsi si Aling Lydia, isang biyudang matagal nang lumagpas sa numero sa lotto ang edad—pero may asim pa rin, in fairness—umalma pa rin ito. “Four-ninety,” giit nito, saka itinanong, “Sa tingin mo, talagang babata ako pag sinuot ko ’yang mga ’yan?”

“Five hundred,” walang kakurap-kurap na ulit ni Nancy. “At kung hindi n’yo mapa-wow ang kadata n’yo ngayong weekend ay maisasauli ninyo lahat niyan. Full refund pa.”

Tumawa si Aling Lydia. “O siya, kukunin ko

na nga,” sa wakas ay pagsuko nito, sabay abot ng limang malulutong na one-hundred peso bills.

Masayang tinanggap naman ni Nancy ang pera. “Thank you po, as always.”

Nagpaalam ang matanda, bitbit ang supot kung saan nakasilid ang tatlong blouse na pinamili.

Para sa isang maalinsangang Martes ng hapon sa kasagsagan ng Oktubre, malakas pa rin ang benta ng *Dèshabille*. Ang maliit na clothing store na dating kilala sa pangalang *Aling Kikay’s Ukay-Ukay*, ay nasa ikalawang palapag ng *Shoppesville* sa Greenhills, San Juan, malapit sa escalator. Sobrang accessible, wika nga. Bago pa man pinalitan ni Nancy Suarez ang cute ngunit jologs na pangalan nito, may pitong buwan na ang nakakaraan, sadyang marami na ang namimili rito. Maganda nga naman ang puwesto at magaganda rin ang mga damit. Mura pa.

“Mukhang humahataw tayo ngayon, ah, Nancy,” komento ni ’Nay Dolores, ang orihinal na Aling Kikay ng San Juan, na bumungad mula sa papaloob na kompartamento ng stall na nagsisilbing stockroom nila.

Ngumiti ang binati. “Sinabi n’yo pa.”

“Sasabihin ko talaga,” anang matanda. Tulad

ni Aling Lydia, mahigit dalawampung taon na itong wala sa lotto ang edad, subalit kung may asim pa ito ay hindi na halata.

“Hija, kanina pa vibrate nang vibrate ang cellphone mo. Baka pinaglalaruan na naman nina Amy at Bea ang cp ni Melay.”

Kumunot ang noo ni Nancy. “Hindi naman siguro.”

Ang alam kasi niya ay naka-all text ngayon ang SIM ni Melay, ang kawaksi at tumatayong yaya ng kambal niyang anak. Regardless, nagtungo sa likod ng store si Nancy. Si 'Nay Dolores muna ang umasikaso sa tatlong kababaihang dumating upang tingnan ang mga naka-display na damit.

Hinagilap niya ang cellphone at gaya nga ng sinabi ng matanda ay punung-puno ng missed calls at text messages iyon.

Oh, Dear, may magkahalong exasperation at amusement na puna ni Nancy sa sarili, nasalisihan na naman ng mga bata si Melay. Kapwa apat na taong gulang pa lamang sina Amy at Bea, ang kambal niyang chikiting, ngunit para sa kanilang edad ay nakakitaan na ang dalawa ng kakaibang talino.

Mana kasi sa ama, hindi niya maiwasang

mahinuha. Bukod sa derecho nang magsalita ay kaya na rin nilang bumasa at sumulat. Mabilis din silang matuto hindi lang sa mga konseptong ipinapalabas sa educational programs sa T.V., kundi pati na rin sa mga galaw at gawi ng mga tao sa kanilang paligid.

Gaya nitong si Melay. Alas dos y media na ng hapon, at alam nina Amy at Bea na ang kanilang yaya ng pitong buwan ay ginawa nang panata ang panonood ng *Daisy Siete* sa Channel 7. Kamakailan lamang ay nakawilihan ng mga ito na mag-text at mag-missed call sa cellphone ng kawaksi habang akala nito ay tulog ang dalawa at abala ito sa ibang bagay. At dahil ang numero ni Nancy ang unang item sa phonebook niyon, siya palagi ang nakaka-receive ng messages ng mga ito.

Siyempre natutuwa si Nancy, subalit mabilis na nalo-low-batt ang kanyang cellphone (not to mention ang cellphone ni Melay) sa tuwing napagkakatuwaan ng kambal na gawin iyon.

Smiling to herself, binuksan niya ang message inbox niya para basahin kung ano na namang cute na mensahe ang iniwan ng dalawa niyang supling. Kadalasan ay mga simpleng salita lang iyon na natutunan nila, o ang kanilang buong pangalan. 'Amelie, Beatrice'. O mga katagang Pranses na na-

pick-up ng mga ito noong doon pa sila naninirahan sa Paris.

Ngunit nang makita ni Nancy ang received messages, napakunot-noo siya. Hindi iyon galing sa numero ni Melay, kundi kay Kuya Gordon. Mayroon ding ilan na galing sa asawa nitong si Fides.

Bakit naman nila ako sinusubukang kontakin?

Binuksan niya at binasa ang pinaka-recent message. Dagli siyang napaupo pagkatapos.

'Na-stroke si Papa. Kanina lang umaga. Naka-confine siya ngayon sa St. Luke's. Come visit if you can.'

WHICH WAS why, some thirty minutes later, matapos magpaalam kina 'Nay Dolores at Melay, Nancy found herself at *St. Luke's Hospital* upang bisitahin ang amang ngayon lang niya muling makikita sa loob ng apat na taon.

Gaya ng inaasahan, nakabantay sa tapat ng pinto ng kuwarto nito ang dalawa sa apat na matatapat na alalay ng may-ari ng *Suarez Industries*.

"Miss Nancy." Yumukod si Piolo, shuffling his boots, habang iniangat naman ni Richard ang

cowboy hat na suot nito bilang pagbati. Kasama nina Dingdong at Sam, ang dalawa ay pawang hindi na nagtatrabaho para kay Don Emilio—sa halip, naging bodyguards for hire silang lahat. Gayunpaman, tunay ngang loyal ang mga ito. Kahit abala ay naisipan pang dumalaw upang kumustahin ang dating amo nila.

“Hello, Piolo, Richard,” simula niya. “Sina Sam ba?”

“Sinamahan si Congressman sa Cebu,” balita ni Richard.

“Ang Papa?”

“Nasa loob.” Tumango si Piolo. “Andito rin po si Sir Gordon at ang asawa niya.”

“Alam ko.” Ginawaran niya ito ng malamyang ngiti. “Salamat.” Tumuloy siya sa loob ng silid.

Nakarayat si Don Emilio sa kama. Unang tingin pa lamang ay mahahalatang malaki ang ipinagbago nito. Nangayayat ito nang husto, lalong nangulubot ang balat. Ang buhok nito, na dati ay kulay-abo, ngayon ay nangagsiputian na ang bawat hibla. Tila dekada ang itinanda nito. Mahirap paniwalaang ito rin ang tuso at ganid na padre de familia na, only four years ago, nagpilit na ipakasal siya sa anak ng

mayamang kaibigan nito—at nabigo.

“Huwag ka munang magdiwang,” mahinahong bati nito. “Hindi pa ako patay.”

Huminga nang malalim si Nancy. “Hindi ako nagpunta rito para makipag-away, Papa.”

Sa kabilang dako ng silid, bahagyang tumikhim si Kuya Gordon. “Lalabas muna kami,” paalam nito saka inakay papaalis ang asawa na mukhang nagpoprotesta pa na iwan ang mag-ama.

“Kailangan ko pang maospital para makipagkita ka sa ’kin,” tuyot na obserbasyon ni Don Emilio nang makalayo na ang mag-asawa.

“Hindi ko na kasalanan ’yon.”

“And it is, in fact, my fault, is that right?” natatawang singhal ng matanda. “After all, ako rin pala ang dahilan kung bakit ka iniwan ng tunay na ama ng mga anak mo.” Suminghot ito. “And to top it off, I tried to force you into a wedding with Nathaniel’s son. Pero hindi rin naman natuloy ang plano ko, di ba? You ran off to Paris, that bastard Jairus ran away with his girlfriend at ang iyong butihing papa ay naiwan dito kasama ang sandamakmak na utang ng kompanya.” He fixed her a grim smile. “It’s all in the past, hija. Let bygones be bygones, so I say.”

Umiling si Nancy. “I’m afraid it isn’t that simple.”

“So you say,” turan ni Don Emilio. “Ang mga apo ko nga pala, ’asan na sila? Hindi mo man lamang ba isinama?”

“Para saan pa? Hindi na nila kailangang sumama.”

Bumuntong-hininga ito. “Talaga bang hindi mo na ako mapapatawad, Nancy?”

“Alam n’yo na ang sagot ko d’yan.” Yumukod siya. “Kaya lang naman ako nagpunta rito ay para kumustahin ang kalagayan ninyo. And I’ve seen for myself that you’re doing just fine.” *Very fine, considering how talkative you are.* “So I guess I’ll be taking my leave now.”

Tumalikod na siya para umalis.

“Nancy...”

Huminto siya sa tapat ng pinto. Hinintay na magpatuloy ang matanda.

“Si Lawrence, nakita mo ba siya?” marahang sambit nito. “Nang magpunta ka sa Paris...”

Pumikit si Nancy. Saglit lang. “Ano sa tingin ninyo, Papa?”

And with that, tuluyan na niyang nilisan ang silid na iyon.

“ISINAMA MO na sana sina Amy at Bea rito,” kibit-balikat na saad ni Kuya Gordon nang pababa na sila sa main lobby ng *St. Luke’s*. “Para kahit papaano ay makilala nila si Papa.”

Hindi na muna pinatulan pa ni Nancy ang panukalang iyon. “Ano ba’ng sabi ng doktor ukol sa kanya?” she asked instead, changing the subject.

“Bukas pa malalaman ang buong resulta, pero so far ay maayos naman daw ang ipinapakita niya,” sagot nito. “Iyon nga lang, mula ngayon ay kailangang i-monitor ang diet, pati ang blood pressure niya. Baka rin mapa-walker o wheelchair siya nang ilang linggo.”

“Mabuti naman kung gan’on.”

“In any case, feel free na bisitahin siya sa bahay next week,” abiso naman ni Ate Fides. “Kakatapos lang ng huling kaso ng kuya mo, so we’re staying there for a couple of weeks or so.”

“At isama mo na rin ang mga pamangkin ko,” hirit pa ng kapatid.

Inihatid ng dalawa si Nancy hanggang sa bungad ng ospital. Kaagad siyang nakapara ng taxi na sasakyan papauwi. Doon sa likod ng sasakyan, nakadungaw sa bintana at pinapanood ang mga gusali at establisyamentong kanilang dinaraan, muling sumagi sa isipan niya ang itinanong ng ama kani-kanina lamang.

“Si Lawrence, nakita mo ba siya?”

Isang buwan ng paghahanap sa Paris, sa Pransya. Isang address na naghatid sa kanya sa isang apartment sa Montpelier. Doon, nakita niya—sa wakas—si Lawrence.

Ngunit salungat sa pinangarap niyang muling pagtatagpo, imbis na tuwa ay dalamhati ang ibinunga ng pagkikitang iyon.

Napapikit siya. Huminga nang malalim. *It's all in the past, she reminded herself. No use dwelling on what happened that day.*

Maglilimang taon na rin ang nakararaan; nakapag-move-on na siya. Kontento na siya sa kasalukuyang buhay niya ngayon. Payak man iyon at may kahirapan kumpara sa karangyaang nakalakihan niya sa poder ng ama, hindi hamak na mas malaya iyon at mas masaya. Isang buhay na

Second Chances - Monica Bautista

umiikot sa pagpapalakad ng *Dèshabille* at sa kanyang mga anak na sina Amy at Bea.

2

“At sinamahan mo pa talaga si Claude na sunduin ako,” tila naaliw na puna ni Lady Margot Salcedo-Delacroix, forty-eight years old, biyuda at kasalukuyang presidente ng *LeBlanc Group of Companies*. “Hindi ba may jet lag ka pa, Garçon? You really ought to have stayed back at the hotel instead.”

Lawrence Ileta smiled indulgently. May punto ang nakatatandang babae; mula London, he himself arrived in the Philippines just three days ago. “Boss ko pa rin kayo. Dapat lamang na salubungin ko kayo nang maayos.”

Natawa lamang ang kausap sa sinabi niyang iyon. “Para namang napakawalang-awa kong boss, hearing you say that.” Lady Margot sighed, feigning hurt. “If I’d known any better, hindi ko na sana ipinaalam pa sa ’yo na darating ako tonight. Tatal, officially ay next week pa ’ko expected ng mga associates natin dito, hindi ba?”

Tumango si Lawrence. “As you requested, hindi ko na po ipinagsabi muna ang maagang pagdating ninyo.”

“*Tres bien.*” Dagling nagliwanag ang mukha ng kausap. “That means kahit papaano ay makakapag-sight-seeing pa tayo.”

“Po?”

“Plus, I’m dying to visit Tagaytay.”

“Ma’am...”

“What?” biglang tanong nito. “Do you find anything wrong with my itinerary?”

Napatikhim siya. “Hindi naman po sa gan’on,” Lawrence replied. “It’s just that I thought you flew in early because you wanted to personally oversee the store launch in Rockwell—”

“Which is set a good two months from now, and seeing as I’m sure you’ve got ninety-five percent of the event taken care of already, could definitely wait,” Lady Margot retorted flippantly. “*Mon cher*, it’s been half a decade since you’ve been to this country. Sa akin, hindi hamak na mas matagal pa roon. Huwag mong sabihing ni katiting ay ayaw mong mag-relax o mamasyal muna.” Sa pananahimik ng binata ay nagpatuloy pa ito. “Well, while we are on the subject, how is your homecoming? How does it feel to be back after so long?”

Umiling si Lawrence. “I can’t really say,” aniyang bumuntong-hininga, sabay dungaw sa labas ng bintana ng kotseng kasalukuyang sinasakyan niya at ng kanyang employer. “Maraming nagbago. But then again, marami ring hindi.”

“Indeed. The traffic is at least as horrible as I remember it,” halatang amused na puna ni Lady Margot, na dumungaw rin sa labas.

Lawrence only smiled. Tama, karaka ay hinuha niya, nang sa wakas ay umusad na ang traffic at mukhang may pag-asang makarating sila sa hotel within the hour, things have changed.

Lubhang nag-iba na ang kalagayan niya sa buhay. Noong una niyang nilisan ang Pilipinas ay mahirap pa siya sa daga, walang ibang maipagmamalaki kundi ang marangal na pangalan at ang kursong tinapos sa kolehiyo. Sino ang mag-aakala na ang dating Lawrence Ileta na ulila, mahirap at inaapak-apakan noon ng iba, ang siya ngayong respetadong junior executive at confidante ng isa sa pinakamakapangyarihang business tycoons sa Europa? Wala. But, nearly five years and a seeming lifetime later, he was all that and more.

If only Nancy could see me now, he mused. What would she think, I wonder?

“Thinking about her, I take it?” biglang puna ni Lady Margot, breaking into his thoughts.

Hindi na kailangan pang i-elaborate kung sino ang babaeng tinutukoy nito. Lawrence understood perfectly.

“No.” He shook his head. “As I’ve told you before, kinalimutan ko na siya.”

Lady Margot arched a perfectly-lined eyebrow, but decided not to press the issue further. Sa halip ay isinandal na lamang ng matanda ang likod sa komportableng seat cushion ng sasakyan, a faint smile flitting on her face. “*Dans la verité,*” she whispered under her breath, “*les hommes sont de mauvais menteurs.*”

“SADYANG ipinanganak na sinungaling ang mga lalaki,” mariing deklara ni ’Nay Dolores. “Iyon nga lang, bibihira sa kanila ang mahusay rito. Mahahalata at mahahalata mo rin, sa pagtagal ng pagsasama n’yo.”

Tumangu-tangosi Melay. “Kayahonagkagan’on?” tila manghang-manghang sambit ng dicinueve años na kasambahay. “Nalaman n’yo kaagad na mayroon nang kalaguyo ang ex-husband n’yo, isang tingin pa

lang sa fez niya?”

“Para saan pa ba ang eleven years na itinagal namin bilang mag-asawa?” siyang sagot ng nakatatandang babae. “Naisaulo ko na yata ang bawat kibot ng mukha ng tarantado. Kaya hayun, nang di niya ’ko matingnan nang derecho sa mata ay nagsuspetsa na ako.” Ikinumpas ni ’Nay Dolores ang mga kamay sa ere. Nag-pause pa sumandali for dramatic effect. “Sinundan ko siya isang araw. At iyon na nga, nahuli ko sila ng kabit niya. Ang mga bastos na ’yon!”

“Tapos?” pahabol ni Melay na namimilog na ang mga mata sa excitement. “Ano na po, binugbog n’yo nang bonggang-bongga ’yung kalaguyo niya? Hiniwalayan n’yo na siya? Ano?”

“Pinalayas ko ang damuho,” anang kausap. “Maghalo na kung maghalo ang balat sa tinalupan. Kesehodang lumuhod siya sa harapan ko, nagmakaawang patawarin ko raw siya, ang puno’t dulo ay niloko pa rin niya ako. At mula noon—”

“Mula noon, nawalan na si ’Nay Dolores ng tiwala sa lahat ng mga lalaki,” dugtong ni Nancy, sabay sara sa malaking pintong kahoy na nagsisilbing lagusan papasok sa salas ng kanilang bahay sa San Juan. “Gaya ko. Maghintay ka pa ng ilang taon, Melay, at

magkakaroon ka rin ng ganyang kuwento.”

“Ay, kung ’yun at ’yun lang din ay di na ’ko magbo-boyfriend, ’Te,” tanggi ng kasambahay. “Magmamadre na lang ako.”

“Akala ko ba, pag-aartista ang balak mo?” nakatawang sabat ni ’Nay Dolores.

“Eh di, artistang madre.”

“Hay, ’day, tumahimik ka na nga. Umakyat ka sa ’taas at tawagin mo na ang mga bata. Sabihin mong nakauwi na mommy nila.”

“Opo.”

Ang utos na iyon ay hindi na pala kailangan. Hindi pa man nakakaapak sa unang baytang ng hagdanang paakyat sa kanilang kuwerto si Melay, nagtatakbo na pababa ang dalawang alaga nito.

“Maman!”

“I’m home, kids,” masayang bati ni Nancy, arms outstretched. Niyakap niya ang dalawang bata nang buong higpit. “Nagpakabait ba naman kayo today?”

“*Oui!*” tugon ni Bea, habang si Amy naman ay “Opo!” ang isinagot.

“Si Yaya lamang po ang bad,” karaka ay kuwento

pa ni Amy. “She made us eat vegetables even if we don’t like.”

“She didn’t want to read our books also,” dagdag naman ni Bea.

Nag-face-palm ang yayang isinakdal. “Ang mga batang ito...”

“Amy, pareho kayong dapat kumain ng gulay,” nangingiting paalala ni Nancy. “Bea, ano naman ang ipinababasa mo kay Yaya?”

“The Duck Prince po.”

“English ho siya, Ma’am,” paliwanag ni Melay. “Hindi po kakayanin ng powers ko.” Bihasa man sa samu’t-saring lokal na dialekto—at kaunting Chinese, mula sa dati nitong amo—pagdating sa Ingles ay nagdurugo ang ilong ng dalagang kasambahay.

Nancy gave a nod. “Okay lang ’yon,” sabi niya, saka bumaling muli sa mga anak. “I’ll just read it to both of you before going to sleep, okay?”

“Yehey!” bulalas ng mga ito.

Nang nakatulog na ang mga bata matapos basahan ng fairytale ukol sa prinsipeng naging pato, kinausap siya ni ’Nay Dolores.

“Kumusta naman ang dalaw mo sa ama mo?” tanong ng matanda. Hindi na bago rito ang kuwento tungkol sa matagal nang alitan niya sa ama.

“All things considered, maayos naman po,” tugon ni Nancy. “Nakarayat siya sa kama nang puntahan ko, pero nakaka-recover na po siya.”

“Eh di mabuti.”

“Pinabibisita ako nina Kuya sa lumang bahay namin sa Quezon City,” patuloy niya. “Isama ko raw ang mga bata.”

“Pupunta ka ba naman?”

“Pag-iisipan ko pa.” Nagkibit-balikat si Nancy, saka bumuntong-hininga. “Bahay rin naman ‘yon ni Mama, noong nabubuhay pa siya. If only for that, I’d like to see what’s become of it.”

MULA SAMALAYO, tila halos walang ipinagbago ang mansyong kinalakihan ni Nancy. Pulang ladrilyo pa rin ang bubong niyon, habang puti na may halong rosas ang marmol na mga dingding. Ilang beses ba niyang nasilayan iyon, noong mga araw na nagdadalaga pa siya at hinahatid ni Sam na personal driver-slash-bodyguard niya dati, pabalik mula sa

school?

A good three storeys tall, napapaligiran ng malawak na hardin sa harapan at isang man-made lake sa likuran niyon, hindi niya maiwasang makaramdam ng pananabik na sa wakas ay makatuntong muli roon. At nang huminto na sa harap ng itim na gate ang taxi na inupahan niya para dalhin silang mag-iina roon, it was all she could do to keep her hands from shaking.

Isang maid na hindi niya kilala ang nagpapasok sa kanila sa loob. Nabanaag ng kanyang mga mata ang kawawang estado ng hardin at ang garahe na ngayon ay ang maroon na ang tanging laman ay ang *BMW* nina Kuya Gordon at isang itim na *Toyota* na lamang na tanging natirang kotse ni Don Emilio.

Sinalubong sila ni Ate Fides sa salas.

“Mabuti at nakapunta kayo,” bati ng hipag. Bumaling ito kina Amy at Bea, na kanina pa namimilog ang mga mata sa hitsura ng bahay. “Ang ku-cute n’yo pa ring dalawa! Parang mga manika! Kumusta na?”

Tahimik lamang si Amy, animo nahihiya pero agad namang sumagot si Bea. “Mabuti naman po.”

“Kids, magmano kayo sa Tita Fides n’yo.”

“Naku, ‘wag na,” natatawang protesta ng naturang tiyahin. “I’ll just feel old. Pa-kiss na lang sa cheeks kung puwede.”

Nancy smiled. “You heard your auntie.”

Pinaunlakan naman ito ng kambal.

“PINALAKI mo sila nang maayos,” komento ni Don Emilio, habang matamang pinagmamasdan sina Amy at Bea na naglalaro sa may pampang ng lawa sa likod ng mansyon. Pasado alas tres na ng hapon at may kababaan na ang araw. Malamig-lamig na rin ang simoy ng hangin mula sa tubig. “In a way, that’s a relief. You were so spoiled growing up. I never would have believed you’d make a good mother.”

Nancy did not bother replying. Tahimik na lamang niyang ininom ang kanyang pineapple juice.

Nakaupo sa pagitan nilang dalawa, halatang hindi magkamayaw kung paano kikilos, tumikhim si Ate Fides. “Huwag n’yo naman pong sabihan ng ganyan si Nance, Papa,” anito habang walang-imik nitong inirapan ang asawa na pilit itong sinasaway sa pagkokomento.

Don Emilio simply smiled. “Hindi mo nakilala ang anak ko noong maliit pa siya. Ask Gordon. Lahat ng luho, ibinuhos namin sa kanya, ako at ang kanyang mama. Lumaki siyang walang iniintindi sa buhay.” He sighed ruefully. “We had such high hopes for her, Olivia and I. And none of that included her being a single mother,” dagdag pa nito.

“Regardless,” siya namang sabat ni Kuya Gordon, “hindi ninyo naman maikakaila na nakabuti kay Nancy ang pagiging ina.”

“Sino ba ang nagsabing ikinakaila ko iyon?” sambit ni Don Emilio. “Ang sinasabi ko lang, she could have done better for herself.”

Like marry a rich man’s son to pay off our debts, hinuha ni Nancy.

May punto ito, nevertheless. She had led a sheltered, carefree life. Lahat ng responsibilidad ay napunta sa kanyang kapatid, na bagaman anak sa ibang babae ng ama ay itinuring pa rin bilang tunay na anak ni Olivia, ang mama ni Nancy. Nagsumikap at matagumpay na nakapagtapos ng abogasya ang kanyang kuya, habang siya naman ay nagpalipat-lipat ng kolehiyo at art schools sa loob at labas ng bansa. Sa dinami-rami ng kanyang pinasukan, wala ni isang kurso siyang natapos. Kaagad siyang

nagsasawa rito, o di kaya ay nakakahanap ng bagong mapagkakaabalahan. Hindi man katulad ng ibang anak-mayaman na walang inatupag kundi mag-party at makihalubilo sa alta sociedad, walang ibang direksyon ang buhay niya noon. Walang inspirasyon.

Maliban kay Lawrence.

“Maman!”

Amy’s high-pitched, clear voice stirred Nancy away from her thoughts. Lumingon siya, in time para makita ang papatakbong pigura ng dalawang bata, naghahabulan papunta sa kinaroroonan nila nina Ate Fides.

Hindi man maabutan ang kakambal, Bea came after her not much later. “We got this for you,” sambit nito, sabay ibinuka ang nakadaop nitong mga palad. Lumantad sa kanyang paningin ang isang kumpol ng ligaw na sampaguita.

“They were growing by the lake,” dagdag pa ni Amy, nodding, saka bumaling kung saan nakaupo si Don Emilio. “Maman likes flowers po. Do you like flowers, too, Lolo?”

“I love them,” tugon ng matanda. Kung kani-kanina lamang ay tipid at mapang-uyam ang ngiti nito, ngayon ay magaan at maaliwalas na iyon. Ngiti

iyon ng isang lolong natutuwa sa mga apo nito. “Maybe not as much as my wife, your Lola, did; but I love them just the same.”

Kagyat na natigilan si Nancy rito. Sa itinagal niyang nabuhay bilang anak ni Don Emilio Suarez, ngayon lamang niya nakitang ngumiti nang ganoon ang ama. Tumatanda na nga ito. Iyon, o kahit papaano ay may naidulot na mabuti ang pagbagsak ng mga negosyo nito.

Akmang may sasabihin pa yata si Kuya Gordon nang biglang dumating si Rona, ang kasambahay na nagpapasok sa kanilang mag-iina kanina.

“Sir,” magalang na panimula nito, sa paraang pamilyar na pamilyar kay Nancy mula sa pakikitungo kina Dingdong at sa ibang kasamahan nito, “May kotse pong nakaparada sa labas ng gate. Sabi po ng lalaking driver, may appointment daw siya sa inyo...”

“And that he has,” kaagad na sambit ni Don Emilio. Tumayo ito. “I shall be seeing him in my study. Rona, hayaan mong mag-park ang bisita natin sa garahe, then kindly show him there. Is that clear?”

Tumango si Rona. “Maliwanag po, Sir.” Nauna

na itong umalis para sundin ang pinag-uutos.

“Well, then,” ani Don Emilio nang makaalis na ang kasambahay, “Maiwan ko muna kayo sandali.”

Alala itong tiningnan ni Kuya Gordon. “Tungkol po ba ito sa negosyo?”

“Nahuli mo, hijo.”

“Then it’s better if I go with you,” anang lalaki, sabay tumayo na rin.

“Hindi na kailangan,” tanggi nito. “I’d much prefer handling this by myself, to tell you the truth. And if all goes well, this little interview with Mr. Corporate Rep will only take a few minutes. You stay out here and enjoy yourselves in the meantime.”

Iyon lang at naglakad papasok muli ng bahay si Don Emilio.

3

Kung nabigla man si Don Emilio nang siya ang makitang pumasok sa silid na iyon, matapos ipagpaalam ng kasambahay, walang mabanaag si Lawrence na bakas nito sa mukha ng matanda.

“Well, well, well, if it isn’t Danilo’s adopted son,” marahang sambit ng matanda. “And here I was thinking you’d never set foot inside my house again. Ano’ng masamang hangin ang nagtaboy sa ’yo rito?”

Hindi ito pinangilagan ni Lawrence. “You ought to know perfectly well the reason why I’m here today, Mr. Suarez,” tugon niya sa matatas na Ingles. “As it so happens, I represent Lady Margot Delacroix of the *LeBlanc Group of Companies*.” Having said thus, he took out a black folder from his leather briefcase. Nakasipit sa loob niyon ang isang twenty-four-page draft ng papeles na sinadya niya rito. Iniabot ng binata ang dokumento kay Don Emilio, na tahimik na tinanggap nito.

“Nakasaad na diyan ang kompletong listahan ng mga properties at businesses na bibilhin ni Madame mula sa inyo,” patuloy ni Lawrence. “Kasama na rin ang conditions of sale at ang mga nauna nang

napagkasunduan ninyo at ng kompanya ni Mrs. Delacroix. Kung may gusto kayong baguhin, o di kaya'y linawin, we can set up another meeting between our legal counsels to draw up a revised version of the contract. Otherwise, pirma n'yo na lang ang kulang. Granted that you do it in the presence of our lawyers and at least two witnesses, of course.”

“All right, then,” kam panteng sabi ng matanda. Matapos pasadahan ng tingin ang ilan sa mga papeles ay ibinaba na nito iyon. “Salamat.”

Si Don Emilio Suarez, nagpapasalamat? Kakatwa nga ang epekto ng kahirapan sa isang tao. “Sir, don't thank me,” salungat ni Lawrence. “Thank Lady Margot instead for extending this courtesy to you. Sa totoo lang, sang-ayon ako sa legal counsel namin na hayaan na lamang mailit ng bangko ang mga ari-arian ninyo.” Hindi iyon dahil sa nagawa nito sa kanila ni Nancy, although may punto siya para roon. On a purely business-minded sense, makukuha ng *LeBlanc Group* nang mas mura ang mga naturang properties ni Don Emilio kung magpiprisinta silang tubusin ito mula sa bangko. “But Lady Margot insisted that we negotiate directly with you, rather than have you face the shame of public bankruptcy.”

“I'll be sure to thank her personally, then,” tugon

ni Don Emilio. “Please let her know that I will be arranging a meeting within fifteen days, para pormal na nating matapos ang transfer of ownership.”

“Makakarating sa kanya ’yon,” Lawrence assured him, bowing slightly. “For now, though, if there’s nothing else to discuss—”

Umiling si Don Emilio. “None as yet.”

“Then, I’ll be taking my leave.”

They shook hands, strangely enough, and Lawrence left the room. Hindi na niya hinintay pa na ihatid siya ng kasambahay papalabas ng mansyon. Mag-isa niyang binagtas ang hagdanan pababa sa salas, kung saan ang kabilang bahagi ay bumubungad sa pathway patungo sa lawa na nasa likod ng bahay.

Salungat ito sa direksyon pabalik ng garage at sa kanyang silver gray *Mercedes Benz*, ngunit hindi natiis ni Lawrence na lumingon dito, kahit saglit lang.

In another time, a happier time, he had gazed at the same pathway—and saw the girl of his dreams emerge from it.

Sa isang maalinsangang araw ng Marso nagsimula ang lahat, mahigit dalawampung taon na

ang nakakaraan: ang kuwento niya at ni Nancy. Isang kuwentong nauwi sa paghihiwalay nila ng landas, ngunit bagay na iniingat-ingatan pa rin ni Lawrence nang matagal na panahon. Isang kuwentong nagsimula habang akay-akay siya ng kanyang kinilalang ina, papunta sa likuran ng mansyon kung saan may merienda na hinanda ang kaibigan nito sa may lawa. Nakatungo siya noon, isang paslit na labing-isang taong gulang lamang, ngunit nang marinig ang papalapit na yabag ng isa pang pares ng maliliit na paa ay napatingala.

Doon, naglalakad papalapit sa kinaroroonan nila, tumambad sa kanyang paningin ang animo isang anghel. Maputi ang balat nito. Alun-alon ang pagkakakulot ng maitim na buhok na tila isinasayaw ng hangin kasabay ng dilaw na summer dress na suot-suot nito. Mapupungay ang mata, na parang sa manika na pinaliligiran ng mahahabang pilik-mata.

Si Nancy Suarez, ang tanging babaeng minahal niya.

“Attends-moi, Amy!”

Lumingon sa likuran ang batang babae. Malayulayo man si Lawrence mula rito, nabanaag niya sa mukha nito na tila naiinis ito sa kausap. “Mabagal ka kasi, Bea. Didn’t you want to see who Lolo’s visitor

is?”

Napakurap si Lawrence at natigilan. There, walking nearly side-by-side sa parehong pathway kung saan una niyang nakita ang kanyang kababatang naging kaibigan, were apparently two mirror images of the same girl. Iba ang suot at mas bata sa pagkakaalala niya, ngunit, maliban sa bilugang hubog ng mga mata, the features were unmistakably Nancy's.

As he watched, bahagyang kumunot ang noo ng batang tinawag ng kakambal nitong 'Bea'. “But Maman told us to stay by the lake.”

Tila may isasabat man, naglaho ang kung anong balak itugon ni Amy nang bumalik ang tingin sa harap at nakita si Lawrence na nakatayo sa salas. The little girl froze in her tracks, and her twin, having also seen him, soon followed suit.

“Amy, Bea! Bumalik kayo rito!” nag-aalalang tawag ng isang pamilyar na boses mula sa likuran ng dalawa. Manaka-naka ay hangos na tumakbo sa kinaroroonan nila ang isang babae. Maputi ang balat nito. Alun-alon ang buhok, cut stylishly short, yet with loose curls framing her slender neck. Svelte ang pangangatawan. Mapupungay ang mata na pinaliligiran pa rin ng mahahabang pilikmata, animo

ay parang manika. Mukha pa ring anghel even after all these years at isang simpleng knitted cream-colored sweater at slacks lang ang suot.

Stunned at the sight of the three of them, Lawrence opened his mouth a couple of times, meaning to say something, anything, a million things to cover for the years they did not meet, but only one word escaped his lips at that instant.

“Nancy...?”

TO SAY THAT NANCY was surprised to see him standing there was the understatement of the century. Hindi lamang pagkabigla ang nadama niya nang mga sandaling iyon; magkahalong kaba, tuwa, takot, hiya, pagtataka—at ilan pang mga emosyong hindi kayang ilagay sa iisang salita.

Katuwang niyon ang samu’t-saring mga tanong at hinuha na sumagi sa diwa ng dalagang ina. Bakit nandito si Lawrence sa bahay ng kanyang papa? Kailan pa ito nakauwi ng Pilipinas? Kung ito nga ang bisita ni Don Emilio, bakit inilihim ng matanda ito sa kanya at kay Kuya Gordon? Higit sa lahat, paanong tila lalong tumangkad at kumisig pa ito mula nang huli niya itong masilayan?

Dahil bagay sa kanya ang Armani, panapos ni Nancy, na hindi maiwasang ma-appreciate ang darkly handsome looks ng dating kasintahan. Sinabi ko na nga ba, eh.

Narinig man niyang tinawag nito ang kanyang pangalan, parang timang na hindi lubos maisip ni Nancy kung ano ang isasagot dito.

“He called your name, Mommy.” Bea’s high-pitched questioning voice broke into her thoughts. “Who’s he?”

Ang daddy mo, anak. “A-an old friend, sweetie,” she lied, instead. Tumikhim siya. Kahit pakiramdam niya ay nakalunok siya ng batong panghilod, mas mainam pa ring magmistulang kampante. “His name is Lawrence.”

Amy frowned. “*Mais il n’est-pas vieux,*” bulong nito na ang ibig sabihin ay, ‘Pero hindi naman siya matanda, ah’ na marahil ay naisip nito dahil sa pagtaguri niya rito as an old friend. “You look about the same age, Maman.”

“Lolo is old, but not him,” sang-ayon pa ni Bea.

Nakakaaliw man on any given day, isang mapaklang ngiti lamang ang nakayanan ni Nancy bilang sagot sa sinambit ng kambal. “We were friends

for a long time, is what I meant to say.”

“Ah...” Sabay na tumango ang dalawa bilang pag-intindi.

All throughout this exchange, marahang nilapitan sila ni Lawrence. Tulad ni Nancy, mukhang naka-recover na ito from his earlier shock kani-kanina lamang. “Kayo naman,” magiliw na tanong nito sa mga bata, “what are your names?”

“Amy po.”

“Ako naman po si Bea.”

“Pretty names,” siyang komento ng binata, na yumukod upang makatapat ng mukha nito ang sa mga bata. “Bagay na bagay sa inyo.” Tumingala ito at nagtagpong muli ang kanilang mga mata. *‘Anak mo?’* ang tila tahimik na tanong nito sa kanya.

*Anak natin, g*go.* Pilit iniwasan ni Nancy ang titig nito. “Ikaw ang sorpresang bisita ni Papa?” she asked instead, changing the subject.

“Ako nga.” Lawrence nodded. He looked as if he was about to say something more, marahil para tahasang tanungin na siya tungkol sa mga bata, ngunit tiyempong dumating mula sa likuran sina Ate Fides at Kuya Gordon.

Halatang kapwa hindi rin makapaniwala ang mag-asawa.

“Lawrence?” untag ni Gordon.

At the name, kaagad na hinabol ng tingin ni Fides ang hipag. *‘Alam na ba niya?’* tanong ng mga mata nito.

Praying her sister-in-law would get the message, Nancy shook her head. No.

She did. Pinandilatan siya nito, saka binalingan ang binatang kaharap. “Then you must be—”

“Nancy’s old flame, tama ka, honey,” patuloy ni Kuya Gordon na inakbayan ang asawa, habang sinimplihan ng kindat ang nakababatang kapatid.

Nancy looked up at her half-brother gratefully.

“SINABI MO sana sa kanya ang totoo,” puna ni ‘Nay Dolores nang makauwi na sila sa San Juan.

Umiling si Nancy. “Para saan pa?”

Kapwa natutulog na ang dalawang bata sa kanilang silid, pawang napagod nang husto sa paglalaro sa bahay ng kanilang lolo. Dahil hindi pa sukat dalawin ng antok, bumaba si Nancy sa kusina

upang ipagtimpla ang sarili ng isang basong gatas. Nakaupo siya sa may counter at halatang may dinaramdam nang madatnan ni 'Nay Dolores. Doon niya inilahad ang muling pagkukrus ng landas nila ni Lawrence.

“Kahit ano pa ang masamang namagitan sa inyo,” kunot-noong patuloy ng matandang babae, “may karapatan pa rin siya sa mga bata, Nancy.”

“Funny, iyan din ang sinabi sa akin ng asawa ng half-brother ko,” pagtatapat niya, saka lumagok sa kanyang nangangalahati nang gatas. “Pero kampi sa akin si Kuya Gordon. Ibubuko na sana ako ni Ate Fides, pero sinaway siya ni Kuya. Mas mainam daw na ako na mismo ang magtapat sa kanya kung kailan ako handa.”

“At kailan ka naman magiging handa, kung maitatanong ko?”

Suminghot si Nancy. “Ewan.”

“Mahal mo pa rin siya?”

“Hindi ko na rin alam. Nabigla ako nang husto, 'Nay.” Sa halip na ihagis ang kanyang baso tulad ng nais niyang gawin, maingat niyang inilapag iyon sa mesa. “Hindi ko inakala na magkikita ulit kami rito sa Pilipinas—at sa bahay pa mismo ni Papa. Kahit nga

noong naninirahan pa kami ng mga bata sa France, hindi kami nagkita.”

Tinaasan siya ng kilay ni 'Nay Dolores. “Dahil iniawasan mo siya noon.”

“Masisisi n’yo ba ako?” depensa ni Nancy. “Iniwan ko ang lahat para sundan siya sa Paris. Pero ano ang napala ko roon?” She smiled sadly, bitterly. “Isang buwan ko siyang hinanap. Kahit buntis ako ay pinilit ko pa rin. Halos suyurin ko na ang bawat sulok ng Paris, makita lamang siya. And in the end, I did find him. Nakikipaglampungan sa babae niya.”

Tandang-tanda niya ang araw na iyon. Kasagsagan pa noon ng Marso, mahigit apat na taon na ang nakakaraan. She was already six months pregnant, pansamantalang nakikitira kina Eulah, an old schoolmate from her college days na nakapag-asawa ng isang negosyanteng Pranses at nagmigrate na roon. Kasabay ng paghahanap nila kay Lawrence, si Eulah na rin ang tumulong sa kanyang makakuha ng part-time job sa isang clothing store na pag-aari ng asawa nito. Tutol itong magtrabaho siya sa kanyang kondisyon, pero si Nancy na rin ang nagpumilit. Kahit papaano ay gusto niya na mayroon siyang ibang gawin at gusto rin niyang masuklian ang kabaitan ng kaibigan.

Searching for Lawrence had not been easy. She had come to France with only a vague idea of where to start searching. Hindi ito nag-iwan ng address o kahit anong contact details sa kahit sinong kakilala nito sa Pilipinas. Ang tanging alam lamang ng mga kaibigan at dating katrabaho ng binata ay ang balitang tumanggap ito ng job offer sa Paris matapos mag-resign sa kompanya ni Don Emilio. Ultimong si Tita Salve, ang kinilalang ina ni Lawrence, hindi alam kung saan sa Pransya ito nakadestino. Tanging electronic remittances lamang and the occasional letter na walang nakasulat na address, ang natatanggap nito mula sa anak-anakan. Walang kahit anong pahiwatig kung saan maaaring nanirahan ang binata roon. Hindi rin nakalista sa phone directory ang pangalan nito.

It took weeks of searching, ngunit sa tulong na rin ng private detective na kinuha ni Eulah, sa wakas ay natunton na rin ni Nancy ang kinaroroonan ni Lawrence sa siyudad. Agad siyang nagtungo roon.

Ang mga sumunod na nangyari ay nakatatak pa rin sa isipan ni Nancy hanggang ngayon.

Umaga noon. Malamig. Maulan. Mag-a-alas-ocho na nang ibaba siya ng taxi sa tapat ng isang lumang apartment building sa Rue Montpelier. Nag-

atubili si Nancy kung susubukang i-ring ang buzzer na konektado sa unit na pakay niya, ngunit sa huli ay nagpasya na lamang na hindi na iyon gawin. Siya na mismo ang aakyat at kakatok sa pinto nito.

Maingat niyang binagtas ang paikot na hagdanan papunta sa third floor. Naglakad siya sa bulwagan. Nakatira raw si Lawrence sa pinakadulong apartment sa east wing. Parang sasabog na ang kanyang dibdib sa kaba sa bawat hakbang na ginawa niya patungo roon.

Kalahating taon mula nang huli silang magkita. Umalis ito nang walang ibang iniwan kundi maikling liham na nagsasaad na tinatapos na nito ang relasyon nila. Lubhang nasaktan ang damdamin noon ni Nancy, nasaktan at hindi lubos makapaniwala sa nakasaad sa sulat. She had been hurt then and confused. Bagay na sinamantala ng kanyang ama. But now she knew better; knew that Lawrence only left her because he was left with no other choice. Kaya siya naroroon ngayon, para itama ang lahat sa kanila. Para sabihing—

“Embrasse-ainsi moi. Avante que j’aïlle.” Na ang ibig sabihin sa English ay *“Then kiss me. Just before I leave”*.

Nanigas ang buong katawan ni Nancy sa

eksenang tumambad sa kanya.

No, she could only think, mind whirling. Oh my God, no.

Nakabukas ang pinto ng pinakadulong unit sa east wing. Nakatayo sa bukana noon si Lawrence. Nakadamit-pambahay lamang ito—or what could approximate as ‘damit-pambahay’ roon: isang maluwag na sweater, jogging pants, house slippers.

And he wasn’t alone. Oh, no.

Isang matangkad na babaeng Pranses ang katabi nito. Payat at pangmodelo ang pangangatawan. Blonde ang buhok, na basa pa, as if kagagaling lamang sa paligo. Nakapulung cocktail dress na medyo gusot, halatang kahapon pa isinuot ng may-ari. Nakasandal ang babae sa pinto, smiling mischievously up at Lawrence, na kaharap nito. Their faces were mere inches apart. As Nancy watched, one of the woman’s hands cradled the back of his neck. The other clutched the front of his chest, abruptly pulling him closer.

“C’est ma merci de la nuit dernière.” “This is my thanks for last night.”

And then, they kissed.

Hindi na nagtagal si Nancy sa lugar na iyon. She

had seen more than enough. Tears streaming hotly from her eyes, she turned and ran.

“Hindi ko na alam kung paano pa ako nakabalik kina Eulah noon,” salaysay ni Nancy. “Parang nawalan ng saysay ang pagsunod ko sa kanya sa Paris. Was my father right after all? Ganoon niya ba ako kadaling nalimutan? Napalitan? Was it the real reason kung bakit nahirapan akong hagilapin siya?” Huminga siya nang malalim. “I died that day, ’Nay Dolores. Or at least, I wished I did. Pero napag-isip-isip ko, kailangan ko pa ring mabuhay. If only para sa magiging anak namin.”

And the rest, as they say, was history.

Bigo man sa orihinal niyang pakay, sa payo na rin ni Eulah ay nanatili si Nancy sa Pransya. Noong una, para lamang hintaying makapanganak siya; but by the time Amelie and Beatrice were born ay inalok siya ng kaibigan ng isang full-time position sa kabubukas pa lamang na isa pang clothing store franchise nito sa Marseilles. Tinanggap naman ito kaagad ni Nancy. Bukod sa nangingimi siyang bumalik sa Pilipinas noong panahong iyon, naisip na rin niyang mas maayos ang magiging lagay ng kanyang dalawang anak kung doon muna maninirahan.

At iyon na nga; between work and raising

two small children, parang buhawing lumipas ang panahon. May tatlong taon na silang naninirahang mag-iina sa sariling apartment at nag-iisip na rin si Nancy kung doon na sa Pransya palalakihin ang mga bata o uuwi pa sa Pilipinas, nang makarating sa kanya na ang tiyahin ni Eulah na si 'Nay Dolores, ay naghahanap ng makakasosyo sa ukay-ukay nito sa Maynila. She did not waste time volunteering to go. She missed the Philippines at nais niyang ma-expose sina Amy at Bea sa kultura ng sarili nilang bansa habang maaga. Sapat na rin naman ang perang naipon niya para makapagsimula ng bagong buhay roon. Sapat na ring panahon ang lumipas para tuluyang maghilom ang ilang sugat sa puso niya. By returning to the Philippines, or so she thought, she would have truly moved on.

Ngunit waring mapagbiro talaga ang tadhana. Why else would she meet Lawrence now, after so many years?

It doesn't matter, anyhow, ani Nancy sa sarili. It's long been over between us.

4

May anak na siya.

Batid ni Lawrence na hindi na niya dapat ikagulat ang bagay na iyon. They were both, after all, in their early thirties. At kahit hindi halata sa hitsura ni Nancy ngayon, na tila gumanda pa lalo mula noong huli silang nagkita, kapwa nasa edad na sila para magkaroon ng kani-kanilang pamilya. Ng mga anak...

At asawa.

Napakunot-noo siya. Obviously, however, that did not stop him from feeling just a bit jealous. *Who's the lucky guy, I wonder?*

Not that he had any right to care. Siya at siya rin mismo ang may kasalanan kung bakit nawala sa kanya si Nancy. Siya at ang kaduwagan niya, ang kahinaan niya.

Kung ipinaglaban niya lamang ang pag-ibig niya sa dalaga... kung sa halip na nagpasindak siya sa mga banta ni Don Emilio ay nagmatigas siya... kung imbis na mangibang-bansa ay itinanan na lamang niya ang nobya at pinakasalan ito. Marahil,

sa ngayon, siya na ang nasa lugar ng mapalad na lalaking nais niya nang sapakin kahit hindi pa niya nakikilala.

Five years ago...

“Ano’ng ibig sabihin nito?”

Mula sa pagkakaupo nito sa likuran ng mesa, napatawa lamang si Don Emilio. “I’m sure you know quite well what it means. Marunong ka namang magbasa, hindi ba, hijo?”

Kumunot ang noo ni Lawrence. Nangangatal ang mga kamay na inilapag ang papeles na ipinabasa sa kanya ng matanda kani-kanina lamang. “Kung tama ang nakasaad dito, isinangla ni Itay ang bahay at lupa namin sa inyo.”

“Para magtayo ng sarili niyang negosyo, or so Danilo told me,” dugtong ng nakakatandang lalaki, sabay tango. “But as you know, bago pa man makabawi sa puhunan ay sumakabilang-buhay siya at tuluyang nalugi ito.”

“Mahigit sampung taon na ang dokumentong ito.”

“All the more reason para maningil na ako, don’t you think?” nakaismid na sambit ni Don Emilio. “Noon,

pinalampas ko na ang panunubos sa kagustuhan na rin ng asawa kong si Olivia. And even when she died, to respect her memory ay isinantabi ko na rin iyon. But now I see no reason to put off collecting what is rightfully mine.” Matamang tinitigan siya nito. “Unless, of course, bigyan mo pa ako ng... mabuting dahilan... upang ipagpaliban muli ito.”

“Handa ko pong bayaran ang halaga,” tugon ni Lawrence. “Puwede n’yong ikaltas sa susuwelduhin ko buwan-buwan, hanggang—”

“Don’t play dumb with me, boy; it doesn’t suit you,” inip na pakli ng matanda. “I want you out of my company.” Umismid ulit ito. “Of course, how you’ll be leaving it—sisisantehin kita o kusa kang magre-resign na may written referral at endorsement ko—is up to you.” Huminga nang malalim si Don Emilio. “Ang gusto kong gawin mo ay tapusin mo na ang kung anumang namamagitan sa inyo ng anak kong si Nancy. Do that, and the better half of the deal will be yours: ipapaubaya ko na kay Salve ang bahay at lupa, and I’ll let you resign your post with glowing remarks on your performance here,” patuloy nito. “As for the alternative... well, I don’t need to elaborate on the details, I think.”

“Mahal ko po si Nancy,” malamig na bitiw ng

binata. “Nagmamahalan po kami. Matagal n’yo nang alam iyon at—”

“At dapat matagal mo na ring alam na tutol ako sa pagsasama ninyong dalawa,” Don Emilio interrupted smoothly. “Wala akong balak ipakasal ang anak ko sa isang hampas-lupa. So choose, hijo. Lulubayan mo na si Nancy at magpapakalayu-layo na rito... o hahayaan mong pwersahan kong patalsikin ang ina mong si Salve sa bahay na ipinundar nilang mag-asawa.” Tinapik-tapik nito ang mga daliri sa mesa. “I want you to consider your options very carefully. Matalino ka naman; mag-isip-isip ka. Choose, and choose wisely.” Don Emilio smiled. “Si Nancy, o ang iyong ina?”

“—isn’t that right, Lawrence?”

“Huh?”

Nakaupo sa far end ng conference room na pinagdadausan ng meeting nilang iyon kasama ng mga ahente ng kanilang ad campaign, bumalik ang diwa ng binata sa kasalukuyan. All eyes in the room were turned to him expectantly, waiting for him to say something.

Tumikhim si Lawrence. “Ah... yes,” agad na sabi niya, at nanalangin na sana ay angkop iyon sa kung

anumang isyu ang pinag-uusapan nila. “That would be a good idea.”

Sa tabi niya, huminga nang maluwag si Lady Margot. “*C’est bon,*” sambit nito. “Then I guess that’s settled. Let’s meet up in a week or so, shall we?” Having said thus, tumayo ito. The rest of the executives followed suit.

“Somebody’s not himself lately,” amused na parinig ni Lady Margot sa kanya nang makaalis na ang mga advertising executives at sila na lamang at dalawang aides ang naiwan sa silid.

“I’m sorry.” Walang ibang magawa si Lawrence kundi yumukod.

Mapanuri ang tinging iginawad ng nakakatandang babae sa kanya. “Your mind was on other things, I take it?”

Lalo siyang napatungo. “O-opo.” Mas mainam na aminin niya iyon kaysa magmaang-maangan.

For some strange reason, tila ikinatuwa pa ni Lady Margot ang tugon niyang ito. “At long last,” she exclaimed, “after four years under my employ, the great Lawrence Ileta finally exhibits unprofessional behavior.” Natawa ito. “To be honest, I’m quite relieved. I was beginning to think that *vous n’est pas*

humain—na hindi ka tao.”

“Again, I’m sorry. Hindi na po ito mauulit.”

“You don’t have to apologize,” saway ng kausap. “But then again, if you really want to make amends... hmm... What do you say we go out for lunch? Your treat, of course.”

Tumango ang binata. “Then I suppose I could make a reservation at the *Shangri-La*—”

“*Non, non*, that simply wouldn’t do,” napailing na sambit ng babae. “I have seen quite enough of hotels. I was thinking of going some place else, actually. Para maiba naman.”

“Saan naman po?” tanong ni Lawrence.

At the question, Lady Margot gave an enigmatic smile. “Sa Greenhills.”

“EXCELLENT CHOICE,” sabi ni Nancy, nodding approvingly at the pink beaded purse chosen by Colleen, isa sa dalawang kolehiyalang siyang kasalukuyang customer ng *Dèshabille*. “One-seventy ang bawat isa niyan, pero dahil marami-rami na rin ang nabili n’yo, gawin na lang nating one-sixty.”

“Seryoso?” impressed na usal ng kaibigan nitong si Bubbles. “Kung gan’on, eh, kukuha na rin ako. Pero gusto ko ’yung black and white.”

Ngumiti si Nancy. “*Tres bien.*”

“Ano raw?” napakunot-noong bulong ni Bubbles.

Napahagikgik si Colleen. “Ikaw kasi, hindi ka nag-French na Foreign Lang,” sabi nito. “Ibig sabihin n’on, ‘very good’.” Bumaling muli ito kay Nancy. “*Merci beaucoup!*”

“De rien,” tugon niya. Nagbayad na ang dalawang kolehiya, saka umalis. Ang nag-French 10 na si Colleen ay may parting shot pa na “*Au revoir!*”

Nang makalayo na ang mga ito ay lumabas mula sa walk-in compartment ng stall si ’Nay Dolores. “Durian?” ulit nito sa inakalang narinig na sinabi niya. “Meron pala n’on sa Pransya?”

“*De rien po,*” paglilinaw ni Nancy, making sure to pronounce the words carefully. “Sa Tagalog, ‘Walang anuman.’”

“Hay, ewan.” Nagkamot na lamang ng ulo ang matanda. “Ba’t ka ba kasi pa-Pranses-Pranses pa, eh, nasa Pilipinas naman tayo.”

Tumawa si Nancy. “Pang-impress lang sa mga

customers natin, 'Nay."

"Na-impress na sila sa tawad na binigay mo, sa tingin ko."

"Ayaw n'yo 'yon? Sigurado na naman na magkakaroon tayo ng bagong suki."

Umiling-iling man, sa huli ay natawa na rin ang kanyang nanay-nanayan. "O siya, sige na nga." Nakapamaywang na naglakad ito sa harap ng tindahan nila. "Hindi ka pa ba manananghalian? Tanghali na."

"Hindi pa naman po ako gutom," protesta ni Nancy. Iyon nga lang, parang traydor na hindi ito sinang-ayunan ng kanyang tiyan. Hindi pa niya natatapos magkaila ay biglang narinig ang pagkulo nito.

Napahagikgik ang matanda. "Kumain ka na kasi. Hayaan mo't ako na muna ang magbabantay rito."

"Sige na nga po," natatawang paubaya niya.

"Tingnan mo nga naman, ano?" magaang sambit ng makapanindig-balahibong boses ng kung sino. "Ang ganda yata ng timing ko."

Lumingon siya. Papalakad sa kinaroroonan nila si Marlon Montenegro, ang bunsong anak ng

may-ari ng *Mall 88*, na kabubukas pa lamang na department store katabi ng *Shoppesville*. Nakashades ito, nakasuot ng makintab na maroon polo shirt, at nang lumapit ito, maaamoy ang ubod ng sangsang na pabango na animo concentrated pawis ng kabayo.

Patay, nanlulumong bulong ng diwa ni Nancy sa sarili.

“O, Marlon... Naparito ka,” walang kaganang bati niya sa binata, habang sa tabi niya, mapakla ring bumati rito si 'Nay Dolores.

“Mapapalampas ko ba naman ang linggo nang hindi ka nakikita?” tugon ni Marlon, sabay kindat sa kanya. “You’re heading out to lunch, I take it? Tamang-tama, because I was going to ask you out, eh. Where do you want to eat?”

AH, SI MARLON Montenegro. Kung tumatanggap ng ligaw si Nancy, ito na yata ang pinakamasugid sa mga ito. At kahit hindi ay either clueless ang naturang binata o sadyang manhid sa paramdam niyang pagtangga sa mga advances nito.

Nancy had always been told she was beautiful, so she supposed she was, at kung nasa kasalukuyang

itinerary niya sa buhay ang paghahanap ng boyfriend ay matagal na siyang nakahanap. Pero ewan. After her near-shotgun-wedding sa isang taong hindi niya mahal and after seeing the person she did love with someone else, tuluyan na niyang isinara ang puso sa ganoong uri ng damdamin. Turning suitors down varied from moderately difficult to easy. Marami sa mga ito na malaman lamang na may anak na siya (at kambal pa!) ay hindi na siya dadalawin pa. Mayroon namang nakakakuha ng hint at nababatid agad na hindi pa handa si Nancy na makipagrelasyon muli.

And then there was Marlon.

Naku, kahit saan na hindi ka kasama, she would have loved to retort sa tanong nito. Sobrang panghi kasi ng pabango mo. Nakakawalang-gana. Kinagat na lamang niya ang sariling dila at nagtimpi. Nag-iba man siya ng estado sa buhay, pagdating sa pakikitungo sa ibang tao ay hindi niya magawang lantarang manghiya ng iba. Oo, kahit mayabang, madaldal, nakakairita at amoy-kabayo pa ito.

Which was how Nancy found herself, some twentyminutes later, sa isang fancy—or pretentious—restaurant na nagmamalaking inanunsyo ni Marlon na pag-aari rin ng ama nito at balak daw ibigay rito upang pamahalaan.

“But I don’t know,” sabi pa ng lalaki, na umasim ang ekspresyon nang mabanggit iyon, “I’m still thinking about it. I’m not exactly the managerial type, you know? Why work my butt off when I could party?”

Ngumisi ito sa paraang akala nito siguro ay debonair and dashing, ngunit ang dating kay Nancy ay bungisngis ng isang D.O.M. Which was funny, dahil technically speaking ay mas matanda siya sa binata nang tatlong taon.

“Ayan, eh di, napatawa rin kita,” patuloy ni Marlon, misreading the slight smile on her lips as a reaction to his apparent wit. “How’s the food? Masarap, ano? Dapat lang kasi puro imported ingredients lang ang ginagamit nila rito. ‘Ika nga ni Daddy-O, ‘nothing but the best’. Otherwise, magbukas ka na lang ng karinderya.”

Tahimik na nginuya ni Nancy ang kapisasong steak na isinubo. Malambot nga ang karne, parang butter na nalulusaw sa kanyang dila, ngunit wala namang espesyal sa kinakain nila. The pasta was bland, the baked potato undercooked. Lasang icewater na hinaluan ng isang patak ng calamansi juice ang inumin nila.

Of course, dahil si Marlon ang magbabayad, at

dahil kung pilitin man niyang bayaran ang sariling bill ay tiyak na mamemeligro ang kanyang budget para sa linggong iyon, in the end ay nag-agree na lamang si Nancy. “I guess.”

“We could have lunch here every day, if you’d like,” sabi pa ng binata. “Dinner, even. Just the two of us. Aaminin ko, most nights I’m out partying with the boys, but for someone like you, I’ll give up my night life.”

Uy, salamat, sarkastikong anang isip niya. Tumikhim siya. “Ayoko namang maging dahilan para magkalayo kayo ng barkada mo.”

“Oh, they’ll understand.” Marlon waved his hand dismissively. Tinanggal nito ang shades na tumatakip sa mga mata nito at inilapag iyon sa mesa. “Kilala naman nila ako, eh. Once I set my eyes on someone—” And here tinitigan siya nito with an intensity that Nancy found slightly unnerving—“I absolutely must be with that person.”

“Ows?” karaka ay pabirong tanong niya, if only to try to lighten the mood. “Sigurado ka ba na I’m someone you’d absolutely want to be with, Mr. Montenegro? Hindi ko na kailangan pang ipaalala sa ’yo, but I am older than you at may mga anak na rin ako.”

Tumawa ito. Dagling nawala ang medyo nakakatakot na ekspresyon nito sa mukha; napalitan ng bungisngis-D.O.M. “Hindi naman halata, eh.” He looked deep into her eyes. “Ibahin mo ako, Nancy. Hindi ako kagaya ng ibang mga lalaki diyan. I mean, so what kung may anak ka na?” nakangiting patuloy ni Marlon, as if bestowing a great favor sa kanya. “Lahat naman tayo ay nagkakamali—”

“Hindi ‘pagkakamali’ ang mga anak ko,” Nancy interrupted icily.

“I never said they were,” dagling amienda ni Marlon, clearing his throat. “What I meant was it doesn’t matter to me kung... kung ano pa man ang... kalagayan mo sa buhay. You’re beautiful. You’re refined. We look good together. Ikaw ang tipo ng babae na hindi ko ikahihiyang ipakilala kay Daddy-O, single mother or not... Nancy?” tawag nito nang nang biglang tumayo ang babaeng tinawag.

Ano bang masamang espiritu ang sumapi sa kanya at pumayag siyang mananghalian kasama nito?

“I’m sorry,” saad ni Nancy, “pero malaking pagkakamali ang pagsama ko sa ’yo rito.” She sighed. “Marlon... kasalanan ko. I suppose I should have been more direct with you. I don’t—”

“Don’t finish what you’re saying,” malamig na pakli ng binata, grabbing her arm. “Don’t you dare.”

Nanlaki ang mga mata ni Nancy. Mahinahon ang hitsura ni Marlon subalit mahigpit ang pagkakahawak nito sa kanyang braso. *Bitawan mo ako*, she would have said. *Nasasaktan ako*.

Ngunit bago pa man siya makapagsalita, may isa pang boses na kagyat siyang pinangunahan.

“May problema ba rito, pare?”

Natigilan si Marlon. Nakatagpuan ng tingin ang kung sino man iyon na sumabat sa usapan nila. Dagli nitong binitawan si Nancy. “W-wala,” karaka ay tugon nito at idinagdag pa, if only to save face, “At kung meron man, wala ka nang pakialam, pare. Ama ko ang may-ari ng restaurant na ’to.”

“Ni Mr. Macario Montenegro? Anak ka niya? Hindi halata.” Bumuntong-hininga ang kausap na tila walang kiber sa balitang iyon. “And on the contrary, may pakialam ako. Kakilala ko ang babaeng kasama mo,” patuloy nito. “Hindi ba, Nancy?”

By that point, as you may have guessed, hindi na kinailangan pang lumingon ni Nancy upang makilala ang may-ari ng boses na iyon. But she did, if only for propriety’s sake. She turned around—

Second Chances - Monica Bautista

—and came face to face with Lawrence Iletto.